ISPESYAL NA ISYU BASAHIN AT TALAKAYIN DISYEMBRE 1, 2017

# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*


## Dakilain ang buhay at pakikibaka ng 15 rebolusyonaryong martir sa Nasugbu, Batangas!

### Palitan ng daang ulit ang nabuwal nilang katawan! Ibaling ang pamimighati sa ibayong rebolusyonaryong determinasyon at katapangan!

***Pahayag ng Melito Glor Command-Bagong Hukbong Bayan-Timog Katagalugan sa naganap na pamamaslang sa 15 Pulang mandirigma ng mga pasistang tropa ng rehimeng US-Duterte sa Nasugbu, Batangas noong Nobyembre 28 ng gabi***

Pinakamataas na pagpupugay ang ibinibigay ng Melito Glor Command – Bagong Hukbong Bayan-Timog Katagalugan sa 15 Pulang mandirigma ng BHB at masa sa labanang naganap noong Nobyembre 28 sa Nasugbu, Batangas. Nagtagumpay ang imbing pakana ng mga malalaking burgesyang kumprador sa pangunguna ni Henry Sy na mapaslang ang 15 kasama at masa sa isinagawang ambus ng bayaran nitong Armed Forces of the Philippines-Philippine National Police (AFP-PNP) laban sa nakasakay sa dalawang sasakyan na yunit ng BHB at tumatahak sa kahabaan ng highway ng Nasugbu, Batangas. Nasa proseso ng paglipat ang yunit upang puntahan ang isang baryo ng mga magsasakang biktima ng pangangamkam ng lupa ni Henry Sy nang sila ay maambus ng kaaway. Sa kabilang banda, magiting na lumaban ang mga kasama kung saan nagawa nilang makapatay ng lima at makasugat pa ng apat sa kaaway.

Dakilain natin ang buhay at pakikibaka ng 15 kasama at masa. Magsisilbing apoy at hindi magmamaliw na inspirasyon ang kadakilaan ng kanilang buhay at kamatayan. Pinakamataas na parangal ang ating ibinibigay sa mga tunay na Hukbo at



bayaning sina:

1. Henry "Ka Jessie" delos Reyes ng Brgy. Quisumbing, Calaca, Batangas.
2. Joshua "Ka Maru" Hernandez ng Brgy. Mataas na Pulo, Nasugbu, Batangas;
3. Carl "Ka CJ" Labajata ng Brgy. Mataas na Bayan, Lemery, Batangas;
4. Evelyn "Ka Anna" Nuestro Manalo ng Brgy. Bunducan, Nasugbu, Batangas;
5. Anne "Ka Bella" Casilac ng Brgy. Lumaniag, Lian, Batangas;

6. Glenmark “Ka Zenki” Aytona ng Brgy. 4, Balayan, Balayan, Batangas;

7. Anthony “Ka Jasmine” Pilit ng Brgy. Patugo, Balayan, Batangas;

8. Alfred “Ka RM” Cadag ng Sto Tomas, Batangas;

9. Zandy “Ka Venus” Aurin ng Central Quezon;

10. Julieto “Ka Buwi” Pellazar Jr. ng lalawigan ng Rizal;

11. Josephine “Ka Ella” Lapira ng University of the Philippines, Manila;

12. Roberto “Ka Hasan” Dolleton ng Dasmariñas, Cavite;

13. Kamil “Ka Alex” Manangan, ng Polytechnic University of the Philippines, Sta Mesa, Manila;

14. Graciela Mae “Ka Alena” Penkian Pacaldo ng Maynila.

Binibigyan din namin ng pinakamataas na pagpupugay at parangal ang martir at bayaning sibilyan na si Carlito Mendoza na idinamay ng kaaway na patayin sa nasabing labanan.

KALATAS

**DISYEMBRE 1, 2017**
**Ispesyal na Isyu**

Ang **KALATAS** ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng **Marxismo-Leninismo-Maoismo.** Inilalathala ito ng **Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.**

Inaanyayahan ng Pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:

st.kalatas@gmail.com
balikwastk.wordpress.com

Taos-pusong kaming nakikiramay sa lahat ng pamilya, kamag-anak, kaibigan at kasamahan ng 15 kasamang martir.

Sampu (10) sa 14 kasama ay mga pinakamabubuting anak ng Batangas. Sila ay kabilang sa mga magsasaka, kababaihan at kabataan ng lalawigan ng Batangas na namulat sa kahalagahan ng armadong pakikibaka dahil sila mismo ay mga biktima ng kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi dahil sa pangangamkam ng lupain ng mga pinakamalalaking panginoong maylupa at burgesya kumprador sa pangunguna ni Henry Sy. Apat (4) sa 14 kasama ay mga intelektwal na kabataang niyakap ang interes ng masang magsasaka at mamamayang naghihirap sa lalawigan ng Batangas at ng bayan at itinalaga ang kanilang mga sarili para sa dakilang adhikain ng pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo.


Bilang pagdakila sa kabayanihan ng ating 15 rebolusyunaryong martir sa Nasugbu, Batangas inaatasan ng Melito Glor Command ang lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan at mga organo ng kapangyarihang pampulitika na ilagay sa *half mast* ang mga watawat bilang pagpupugay. Hindi mauuwi sa wala ang inyong pagpanaw. Mananatili sa aming mga puso ang inyong ginintuang pamana ng kagitingan at tunay na paglilingkod sa malawak na masa ng sambayanan. Ang inyong pagkasawi ay hindi naghahatid sa amin ng panlulumo, kundi nag-aalab na damdaming yakapin ang inyong simulain at tumahak sa landas ng armadong rebolusyon.

Walang pagsidlan ang pagkamuhi pinakamalalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa sa bansa sa pangunguna ni Henry Sy at ng mga dayuhang minero at mga monopolyo kapitalista sa yunit ng BHB sa Kanlurang Batangas dahil ang BHB ang pinakamalaking tinik sa kanilang lalamunan. Ninanais ng mga itong kamkamin ang lupain ng mamamayang Batangueño, dambungin ang yaman ng bayan at wasakin ang kapaligiran at kalikasan, isailalim ang mga mamamayang Batangueno sa kanilang kapangyarihan at kontrol at gamitin ang kalupaan at likas na yama ng lalawigan ng Batangas.

Sa pamamagitan ng yunit ng BHB, nabuo at nabubuo ang rebolusyonaryong lakas ng mamamayan at mula dito ay nakakapagkamit ng malalaking tagumpay

sa pakikibaka ang mamamayan upang labanan ang kanilang mga kaaway sa pangunguna ni Henry Sy at ng kanilang mga armadong pwersang AFP-PNP. Sa pamamagitan ng BHB at ng rebolusyonaryong mamamayan ng Batangas, hindi na lamang ngayon solo ng mga naghaharing uri ang kapangyarihan sa Batangas. Nagkaroon na rin ng kapangyarihan ang masang magsasaka, manggagawa, kababaihan, kabataan at iba pang demokratikong uri at sektor. Sa pamamagitan nito, naigigiit at naipagtatanggol ang karapatan at interes ng masang magsasaka sa lupa, sa karagatan, sa kabuhayan laban sa walang habas na pangangamkam ng mga tulad ni Henry Sy.

Sa pamamagitan ng BHB, napaparusahan ang mga pinakasagadsaring kaaway ng mga mamamayan ng Batangas. Tampok ang pangyayari noong Enero 29, 2017 kung saan pinangunahan ng platun ng BHB sa Kanlurang Batangas ang matagumpay na reyd-pamamarusa sa mga armadong tauhan ni Henry Sy sa Pico de Loro, Brgy. Papaya, Nasugbu, Batangas. Sa reyd na ito ay nakumpiska ng BHB ang 48 iba't-ibang kalibre ng armas ng wala ni isa mang putok na naganap.



Sinunog ang destakamento ng armadong pwersa ni Henry Sy na nagiging base upang paulit-ulit na sunugin at wasakin ang mga kabahayan at kabuhayan ng mga magsasaka at mamamayan.

Gayun na lamang ang pagsisikap at interes ng mga naghaharing uri sa pangunguna ni Henry Sy na lipulin ang BHB sa Batangas upang tuluyang mabigyan sila ng laya at sa gayon ay walang taros nilang magawa ang kanilang maiitim na hangarin laban sa mamamayan ng Batangas. Kaya naman, binabayaran, binubusog ng husto ng mga ito sa pabuya, sweldo, kagamitang sasakyan, kagamitang militar ang mga heneral ng AFP at PNP upang itulak silang gawin ang utos sa kanilang lipulin ang BHB.

Kabaliktaran nito, walang pagsidlan at walang maliw ang pagsuporta, pagmamahal at pagtataguyod sa BHB ng malawak na masa, laluna ng mga naghihirap na magsasaka at mamamayan sa Batangas. Ito ang dahilan kung bakit hindi maubos-ubos ang BHB at kailanman ay hindi ito malilipol. Mataas ang pagpapahalaga ng mamamayang Batangueño sa BHB dahil alam nilang ito ang kanilang tunay na Hukbo at ang kanilang tunay na tagapagtanggol. Sa gayon, iniaalay mismo nila ang kanilang pinakamabubuting anak upang magserbisyo sa BHB. Ang kanilang mga tahanan at lupain ang siya mismong tahanan at tirahan ng mga yunit ng BHB. Sila mismo ang nagtataguyod upang makakain, mabuhay at magkaroon ng lakas ang BHB upang patuloy ng mga itong matupad ang kanilang mga tungkulin sa paglaban.

Kaya naman, walang pagsidlan ang kalungkutan at pamimighati ng mamamayan ng Batangas sa pagkapaslang sa 15 kasama at masa. Kasabay nito ay walang pagsidlan ang kanilang galit at pagkamuhi sa kaaway sa nangyari. Lalo lamang nitong sinindihan ang determinasyon ng paglaban ng mga mamamayan ng Batangas upang ibayong isulong ang armadong pakikibaka, palakasin ang BHB hanggang sa maibagsak ang sistemang pinaghaharian ng mga tulad ni Henry Sy.

Sa ganito, nananaginip ang kaaway sa kanilang pangarap na madudurog ang BHB at ang rebolusyonaryong kilusan sa Batangas. Ang mamamayan ng Batangas ang rebolusyon, ang mamamayan ng Batangas ang sumasampa at bumubuo

sa BHB. Hangga't mayroong Henry Sy at mga katulad nila at hanggat mayroong mga dayuhan at malalaking minero na mandarambong sa likas na kayamanan ng Batangas at bansa at wawasak sa kapaligiran hindi matitinag ang palaban at rebolusyunaryong diwa ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Magsisilbing tanglaw ang buhay at dugong idinilig ng mga dakilang martir ng Kanlurang Batangas para sa sambayanan. Pataba itong magbibigay sigla sa patuloy na pagsusulong ng digmang bayan sa buong Batangas at buong rehiyong Timog Katagalugan.

Tinatawagan namin ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ng Batangas at iba pang mga mapagmahal sa bayan na sa pinakamaagang panahon ay palitan ng 100 ulit ang buhay at katawan ng 15 kasamang nabuwal! Mag-ambag ang lahat ng mga baryo at bayan ng mga bagong sampa sa BHB at mag-ipon ng armas upang agad na buuin ang mga yunit ng BHB na napinsala bunga ng naganap na labanan. Ang nagpapatuloy na paglakas ng yunit ng BHB ang magtitiyak sa pagpapabagsak natin sa kaaway.

Kaakibat nito, ilunsad ang mga matatagumpay na taktikal na opensiba upang parusahan ang kaaway at bigyan ng katarungan ang mga kasama at masang nabuwal at ang mga magsasaka at mamamayang biktima ng walang tigil na pandarahas, pangangamkam ng lupain at iba pang tipo ng mga pang-aapi at pagsasamantala. Huwag nating bigyan ng kalayaan at katahimikan ang mga tulad ni Henry Sy na gawin ang mga kontra-mamamayang mga programa at gawain. Labanan natin ito ng buong giting pangunahin sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at ng lahat ng tipo ng pakikibakang ipinapahintulot ng kalagayan. Sa ganito lamang, matitiyak nating hindi mauuwi sa wala ang buhay at pakikibaka ng 15 martir at bayani ng labanan ng Nobyembre 28.

Higit na lalung kailangan ito sa harap ng pagbabanta ng uhaw sa dugo, pasista at sagadsaring papet na rehimeng US-Duterte na "barilin ang BHB, barilin ang mga nagra-*rally*, bombahin ang eskwelahan ng mga lumad, dudurugin ang mga *jeep* ng mga mahihirap na mga tsuper sa Pilipinas, lipulin ang mamamayang Moro, patayin ang lahat ng mga karaniwang mamamayan dahil lamang pinaghihinalaang adik at tulak ng droga" at iba pang mga hindi masikmurang pahayag at gawa ng kasalukuyang rehimen. Walang ibang matalino at makatarungang landas kundi ang lumaban at mag-armas, lumaban at mag-armas, lumaban at mag-armas hanggang magtagumpay.

**Dakilain ang buhay at pakikibaka ng 15 rebolusyonaryong martir sa Nasugbu, Batangas!**

**Palitan ng daang ulit ang nabuwal nilang katawan!**

**Ibaling ang pamimighati sa ibayong rebolusyonaryong determinasyon at katapangan!**

**Isulong ang digmang bayan sa buong rehiyon ng Timog Katagalugan!**

**Lumahok at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!**

**Patigtingin ang paglulunsad ng matutunog at madadalas na Taktikal na Opensiba sa rehiyon!**

**Parusahan at pagbayarin nang mahal ang mga mersenaryong kriminal ng pasistang rehimeng US-Duterte!**

**Mabuhay ang CPP-BHB-NDF!**

**Mabuhay ang sambayanang Pilipino!**

